

Mahal naming Magulang/Tagapangalaga:

Ang Edukasyong Pangkalusugan ay bahagi ng ipinag-uutos na programang pang-pagtuturo sa lahat ng mga antas ng baitang sa San Francisco Unified School District. Ang layunin ng malawak na edukasyong pangkalusugang sekswal ay upang tulungan ang mga estudyanteng matutunan ang mga tamang impormasyon, at upang gumawa ng mabuting desisyon ngayon at sa hinaharap; gayun din, pinapagtibay ng edukasyong pangkalusugan ang mga talakayan tungkol sa kalusugan sa tahanan, at pinapadali nito ang mas maayos na komunikasyon sa pagitan ng mga kabataan at mga nasa tamang edad.

Ipinag-uutos ng batas sa estado ng California na maituro ang edukasyon sa pag-iwas sa HIV/AIDS sa middle school at high school, at binibigyang-pahintulot ang mga distrito sa estado na ipag-utos din ito sa paaralang elementarya; may ganoong kautusan ang San Francisco Unified. Kung itinuturo ang malawak na edukasyong pangkalusugang sekswal, susundin ng Distrito ang mga batas ng estado (California *Education Code* Section 51930-51939). Hindi maaaring mamili ang Distrito ng mga paksang ituturo.

Kabilang sa pagtuturo sa pag-iwas sa HIV/AIDS ang (nararapat-sa-edad):

- Impormasyon na ang HIV ay ang virus na nagdudulot ng AIDS, at kung paano nito inaapektuhan ang katawan.
- Paano naikakalat at di-naikakalat ang HIV.
- Talakayan kung bakit madaling kapitan ng mga ibang impeksiyon ang mga taong may HIV.
- Paggawa ng mga mabuting desisyon at pag-iwas sa mga peligrosong gawain.
- Talakayan tungkol sa mga pananaw ng lipunan sa HIV/AIDS, at mga taong may HIV/AIDS.

Ipinagdiriwang ng lahat ng paaralan sa San Francisco ang linggo ng World AIDS Day (ika-1 ng Disyembre) sa pamamagitan ng mga gawaing naaangkop sa edad, kabilang ang:

- Mga pangangalap ng pagkain
- Pagtatanghal sa Names Project quilt
- Mga sulat sa mga taong positibo sa HIV
- Mga leksyon sa pag-iwas sa HIV/AIDS.

Sa mga huling baitang sa elementarya (Baitang 3 – 5), ang mga leksyong edukasyong pangkalusugan sa pagbibinata/pagdadalaga at HIV/AIDS ay nakatuon sa mga pagbabago sa pagbibinata/pagdadalaga, pagkilala sa mga sintomas ng sakit, at pagsasanay na isagawa ang mga positibong pag-uugaling pangkalusugan upang mabawasan ang peligro sa sakit. Pinapahintulutan ang mga guro na ituro ang mga paksa gamit ang aprobadong kurikulum. Maaaring daluhan ng mga estudyante ang inaprobahan ng distrito na mga pagtatanghal sa teatro, ang “Dos Rappers Two” at “Get Real!” sa paksang HIV/AIDS mula sa inaprobahang organisasyon sa komunidad.

Maaari mong suriin ang mga materyales pang-pagtuturo (nakasulat o napapakinggan at napapanood) sa paaralan. Kung mayroon kang mga tanong, makipagkita sana sa guro o prinsipal ng iyong anak. Pinapahintulutan ka ng batas

ng estado na tanggalin ang iyong mga estudyante mula sa edukasyon sa pag-iwas sa HIV/AIDS o malawak na edukasyong pangkalusugang sekswal o anumang bahagi ng isang programang pang-edukasyon na sumasalungat sa mga paniniwalang panrelihiyon, moral o personal. *Kung hindi mo gusto na makilahok ang iyong estudyante sa programang pag-iwas sa HIV/AIDS o pagtuturo tungkol sa pagdadalaga/pagbibinata, pakibigyan ng abiso ang guro ng iyong estudyante sa Kalusugan.* Ang kahilingang ito ay umiiral sa buong pasukang taon. Maaari mo ring basahin ang Education Code 51930 – 51939 sa website ng www.healthiersf.org o humingi ng kopya.

Taos-puso,